


PAGBABALIK NG BATA SA PAARALAN: MALAPIT NA PAKIKISALAMUHA AT QUARANTINE

Binilinang mag-quarantine ang aking anak dahil sa Malapit na Pakikisalamuha (Close Contact) sa isang taong may COVID-19 o positibong pagsusuri para sa SARS-CoV-2.


Ano ang SARS-CoV-2?

Ang SARS-CoV-2 ay ang virus na nagdudulot ng COVID-19.



Ano ang Malapit na Pakikisalamuha?

Ang Malapit na Pakikisalamuha (Close Contact) ay nangangahulugang ang bata o estudyante ay nasa loob ng 6 na talampakan ng isang taong nagpositibo sa COVID-19 ng kabuuang 15 minuto o mas matagal pa, KAHIT NA parehong nagsusuot ng mask ang bata o estudyante at ang tao. Kabilang din ang mas maikling panahong umaabot sa 15 minuto sa parehong araw. Ang Malapit na Pakikisalamuha (Close Contact) ay nangangahulugan din na ang bata o estudyante ay nagkaroon ng mas maikli ngunit malaking pagkahantad sa mga lumalabas mula sa respiratoryo ng taong positibo sa COVID-19. Halimbawa, umubo mismo ang taong may sakit sa bata o estudyante.



Ano ang quarantine?

Ang quarantine ay pinananatili nakalayo sa iba ang isang taong Malapit na Nakisalamuha (Close Contact) ang isang taong may COVID-19.



Ilang araw nagtatagal ang quarantine?

Ang quarantine ay nagtatagal ng HINDI BABABA sa 10 araw, ngunit mas ligtas ang 14 na araw.

- Kung ang inyong anak ay Malapit na Nakisalamuha sa nakaraang 14 na araw, dapat i-quarantine ang inyong anak ng 14 na araw. Pinakaligtas ang opsyong ito, lalo na kung ang inyong anak ay regular na nakikisalamuha sa mga taong lubos na nanganganib (mahigit 65 taong gulang) o may [umiiral nang kondisyong pangkalusugan.](#)
 - Upang malaman kung sino ang nanganganib, tingnan ang website ng CDC sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/need-extra-precautions/people-with-medical-conditions.html>
- Kung ang inyong anak ay hindi regular na nakikisalamuha sa mga taong **lubos na nanganganib**, pahihintulutan ng ACPHD ang mas maikling panahon ng quarantine na 10 araw.
- Sa lahat ng kaso, dapat naka-quarantine ang bata ng HINDI BABABA sa 10 araw.



PAGBABALIK NG BATA SA PAARALAN: MALAPIT NA PAKIKISALAMUHA AT QUARANTINE

Dapat ba masurian ang aking anak sa panahon ng quarantine?



Kausapin ang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak tungkol sa pagsusuri sa panahon ng quarantine.

Kung nagkaroon ng mga sintomas sa panahon ng quarantine, dapat magpasuri ang inyong anak. Kahit na hindi magkaroon ng mga sintomas ang inyong anak, inirerekomenda ng ACPHD ang pagsusuri para sa SARS-CoV-2 sa pagitan ng 4 at 10 araw pagkatapos ng Malapit na Pakikisalamuha (Close Contact).

Kung HINDI nagkaroon ng mga sintomas ang inyong anak, at hindi nasurian o nagnegatibo ang pagsusuring SARS-COV-2, maaari siyang bumalik sa paaralan pagkatapos ng panahon ng quarantine (hindi mas maaga sa araw 11 pagkatapos ng Malapit na Pakikisalamuha (Close Contact).

Kung nasuriang positibo ang inyong anak, maaari siyang bumalik sa paaralan o child care kapag ang LAHAT ng sumusunod ay totoo:

- Lumipas ang hindi bababa sa 10 araw simula nang mag-umpisang lumabas ang mga sintomas
- Walang lagnat ang bata ng hindi bababa sa 24 na oras, nang walang tulong ng gamot AT
- Bumuti ang mga sintomas ng bata.



Paliwanag sa pagsasapanahon ng quarantine

Ang huling araw ng Malapit na Pakikisalamuha sa isang taong may impeksyon ay tinatawag na "Araw 0". Kung walang sintomas ang inyong anak sa panahon ng quarantine at nagnegatibo ang kanyang pagsusuri (kung nasurian), maaari siyang:

- Bumalik sa paaralan sa Araw 11 kung ang panahon ng kanyang quarantine ay 10 araw
- Bumalik sa paaralan sa Araw 15 kung ang panahon ng kanyang quarantine ay 14 na araw



Halimbawa, Kung ang huling Malapit na Pakikisalamuha ng inyong anak ay noong Enero 1, magsisimula ang quarantine sa Enero 2. Kung walang sintomas ang inyong anak sa panahon ng quarantine at nagnegatibo ang kanyang pagsusuri (kung nasurian), ang huling araw ng 14-na-araw na quarantine ng inyong anak ay sa Enero 15 at maaari siyang bumalik sa Enero 16.

